# Dumating siya sa itim na bato,at sinabi niyang: Tunay na alam kong ikaw ay isang bato,hindi nakakapinsala at hindi [nakakapag-bigay] pakinabang,Kung hindi lang dahil nakita ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na hinahalikan ka niya,Hindi kita hahalikan

Ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb, malugod si Allah sa kanya-(( Dumating siya sa itim na bato,at sinabi niyang: Tunay na alam kong ikaw ay isang bato,hindi nakakapinsala at hindi [nakakapag-bigay] pakinabang,Kung hindi lang dahil nakita ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na hinahalikan ka niya,Hindi kita hahalikan))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang mga lugar at mga panahon at ang mga iba pang bagay bukod rito,Ay hindi nagiging banal at dakila na may dakilang pagsamba sa Allah, dahil sa likas nito,Subalit siya ito ay nagiging ganito sa pamamagitan ng Pag-uutos [ng Islam],Kung kaya`t ,nang dumating si Umar bin Al-Khattab-malugod si Allah sa kanya - sa itim na bato,at hinalikan niya ito sa harap ng mga nagsasagawa ng Hajj,-Na silang bago palang-nilisan ang pagsamba sa mga diyos-diyusan,at nagdadakila rito-Ipinaliwanag niya sa kanila na hindi niya hinalikan at dinadakila ang batong ito,dahil sa kagustuhan ng kanyang sarili,o dahil sa ang bato ay nakakapagbigay ng pakinabang o nakakapinsala,Subalit ito ay isang pagsamba,na nakuha niya mula sa mambabatas-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,Nakita niyang hinalikan niya ito,kaya hinalikan niya ito,bilang paghuwaran at pagsunod,at hindi bilang [pagsunod sa] sariling opinyon at paggawa ng makabagong pamamaraan sa Islam

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3024